# Pangkalahatang-ideya ng Pamamaraan
# Sangay ng Pananaliksik, mga Pag-audit, at Pagsusuri
# Mga Taunang Ulat ng Pagbili ng Serbisyo (Purchase of Service o POS)

## Abiso sa Pagsasapanahon ng Pamamaraan:

*Bilang bahagi ng patuloy na pagsisikap na pahusayin ang katumpakan at pagkakumpleto ng datos, at upang sumunod sa mga kinakailangan ayon sa batas, ang Departamento ng mga Serbisyo sa Pag-Unlad (Department of Developmental Services) (Departmento) ay naglabas ng* na-update na mga kinakailangan *para sa pagkolekta ng pangunahing demograpikong impormasyon. Ang mga kinakailangang ito ay ipapatupad ng mga sentrong pangrehiyon sa 2025 na taon ng kalendaryo. Ang pamamaraang ginamit upang makagawa ng 2023-24 at mga ulat sa hinaharap ay iba sa pamamaraan at mga pinagmumulan ng datos na ginamit upang makagawa ng mga naunang ulat. Ang mga paghahambing sa mga naunang panahon ay dapat gawin nang may pag-iingat, at sa konsultasyon lamang sa Kagawaran.*

## LAYUNIN

Lumikha ng Mga Taunang Ulat sa POS, na kinakailangan ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (Welfare & Institutions Code o WIC) na seksyon 4519.5, na nagpapadali sa pag-access sa mga buod ng mga paggasta at awtorisasyon sa buong estado at rehiyonal na sentro (RC).

## SAKLAW

- Populasyon: Mga Indibidwal na nasa Maagang Pagsisimula (Status 1) o may aktibong katayuan (2, 3, U) noong Enero ng isang partikular na Piskal na Taon (Fiscal Year o FY) o mga indibidwal na may isa o higit pang mga tala ng POS sa panahon ng FY
- Tagal ng panahon: FY 2023/24, ibig sabihin, Hulyo 1, 2023 – Hunyo 30, 2024
- Mga Paksa: Mga paggasta sa POS, awtorisasyon, paggamit, at mga pagsasalin ng Programa sa Indibidwal na Pagpaplano (Individual Program Planning o IPP) ng RC

## DISENYO

Ito ay isang cross-sectional na paglalarawan ng mga paggasta, mga pahintulot, mga antas (rate) ng paggamit, at mga pagsasalin ng IPP sa 2023-24 FY.

## (MGA) MAPAGKUKUNAN NG DATOS

- Mga pinagmumulan ng mga datos:
  Karamihan sa datos na ginamit sa Taunang POS na mga Ulat ay nagmumula sa impormasyong nakolekta ng mga lokal na RC, na ipinapadala sa Departamento bawat buwan:
  - Master File ng Kliyente (Client Master File o CMF): Mga indibidwal na pagkakakilanlan at demograpiko
  - Ulat sa Ebalwasyon sa Pag-unlad ng Kliyente (Client Development Evaluation Report o CDER): Naiulat na mga diyagnosis mula sa pinakabagong file ng CDER
  - POS: Mga halaga ng paggasta (o mga paghahabol) at awtorisasyon, ayon sa FY, para sa mga awtorisadong serbisyo

  Bukod pa rito, ang Mga Taunang Ulat sa POS ay gumagamit ng sariling-ulat na datos mula sa mga RC, na isinumite sa Departamento pagdating ng Taglagas bawat taon:
  - Uri ng kahilingan sa pagsasalin ng IPP (threshold o non-threshold na pagsasalin ng wika)
  - Petsa ng kahilingan sa pagsasalin ng IPP
  - Petsa kung kailan ipinadala sa humiling ang isinaling IPP
- Paghahanda ng datos:
  - Kinukuha ang mga rekord para sa mga indibidwal na may hindi nawawalang CMF record ng aktibong katayuan noong Enero ng FY o hindi bababa sa isang tala sa anumang buwan ng FY sa POS file.
  - Naka-link ang mga rekord sa mga diagnostic indicator mula sa CDER ng Unique Client Identifier (UCI), na de-duplicado, pagkatapos ay naka-link sa datos ng paggasta at awtorisasyon mula sa file ng POS.
- Mga pagsasama/pagbubukod:
  - Ang lahat ng hindi nawawalang mga tala ng paggasta at awtorisasyon ay kasama, pati na ang mga walang halagang dolyar at ang mga may mga kredito/pagsasaayos (mga negatibong halaga).

- Ang mga UCI na may mga tala ng POS ngunit walang mga tala ng CMF ay hindi kasama dahil wala silang data ng demograpiko.
- Ang mga rekord ng kontrata (ibig sabihin, ang mga UCI na may 'CONTRACT' o iba pang pagkakakilanlan ng kontrata) ay hindi kasama.

## PAGBABAGO NG DATOS O PAGLILINIS

- Bilang ng mga indibidwal (tinatawag din bilang caseload): Ang natatanging bilang ng mga UCI na may katayuang 1, 2, 3, o U noong Enero o mga indibidwal na may isa o higit pa (mga) POS record sa panahon ng FY. Ang mga indibidwal na nagbabago ng mga RC ay maaaring mabilang nang higit sa isang beses sa antas ng FY. Ang mga indibidwal na walang anumang POS record ay itinalaga sa RC batay sa kanilang Enero na rekord ng CMF.
- Kabuuang mga paggasta: Ang kabuuan ng mga paghahabol (claim) sa POS.
- Kabuuang mga awtorisadong serbisyo: Ang kabuuan ng mga awtorisadong halaga.
- Per capita na mga gastos/awtorisadong mga serbisyo: Binibilang ang kabuuang mga paggasta/awtorisasyon na pinaghati-hati base sa dami ng mga indibidwal. Kasama sa mga kalkulasyon ng per capita ang lahat ng indibidwal, maging ang mga walang anumang paggasta o awtorisasyon.
- Rata (rate) ng paggamit: Ang kabuuang mga paggasta na hinati sa kabuuang awtorisadong halaga (ipinapakita sa hanay na "Nagamit" (Utilized) ng mga ulat).
- Walang POS: Isang filter na ginagamit upang tukuyin ang subset ng mga indibidwal na walang mga paggasta sa POS. Kabilang dito ang nawawala, zero, o negatibong POS claim sa FY.
- Edad: Kinakalkula ang edad sa gitna (midpoint) (12/31) ng FY, at isinaayos sa tatlong grupo: 0-2, 3-21, at edad 22 at mas matanda.
- Lahi: Lahi ay iniulat batay sa pinakabagong tala ng CMF. Mayroong pitong kategorya: American Indian o Alaska Native, Asian, Black/African American, Hispanic, Native Hawaiian o Other Pacific Islander, White, o Other Race o Multi-Cultural. Kung ang isang indibidwal ay may higit sa isang lahi na ibinahagi, kasama sila sa kategoryang Iba pang Lahi o Multi-Kultural.
- Wika: Iniuulat ang wika batay sa pangunahing wika sa pinakabagong CMF.
- Kapansanan sa pag-unlad: Iniuulat ang kapansanan sa pag-unlad batay sa pinakabagong impormasyon sa CDER. Mayroong anim na kategorya ng kapansanan:

- Autism: Pagkakaroon ng Autism o Laganap na Karamdaman sa Pag-unlad (Pervasive Developmental Disorder o PDD), na tinukoy bilang AUTLEVEL value na 1 o PDD value na 3 o 4.
- Cerebral Palsy: Pagkakaroon ng Cerebral Palsy o iba pang makabuluhang hindi gumaganang motor (dysfunction), na tinukoy bilang CPALSY value na 1, 2, o 3.
- Epilepsy: Ang pagkakaroon ng bahagyang, pangkalahatan, o hindi natukoy na mga seizure (kombulsyon), na tinukoy bilang isang halaga ng EPSEIZ1 na mas mataas sa 0.
- Kapansanan sa Intelektwal: Ang pagkakaroon ng kapansanan sa intelektwal, na tinukoy bilang isang halaga ng MRLEVEL na 317, 3170, 70, F70, 318, 3180, 71, F71, 3181, 72, F72, 3182, 73, F73, 319, F78, o F79.
- Ikalimang Kategorya: Ang pagkakaroon ng kundisyong may kapansanan na natagpuang malapit na nauugnay sa kapansanan sa intelektwal, na tinukoy bilang isang CAT5 na halaga ng Y o anumang halaga sa ICD33A maliban sa 0 o.*
- Iba pa: Anumang diyagnosis na hindi nabibilang sa isa sa mga kategoryang nakalista sa itaas.

- Paninirahan: Ang tirahan ay iniulat batay sa kodigo ng paninirahan sa huling buwan ng FY (Hunyo). Mayroong siyam na uri ng paninirahan:
  - CCF: Pasilidad ng pangangalaga sa komunidad (kodigo ng tirahan o residence code 44-50).
  - FHA: Ahensya ng Ahensya ng Pamilya/Tahahan ng Pamilyang Nagtuturo (Family Teaching Home) (residence code 79). Tandaan na ang Family Teaching Home (FTH) ay kasama sa kategoryang ito, dahil walang hiwalay na kodigo ng tirahan (residence code) para sa FTH; sa halip, ang kodigo ng tirahan (residence code) 79 ay ginagamit para sa parehong FHA at FTH.
  - ICF: Mga pasilidad ng intermedyang (intermediate) pangangalaga (residence code 52-58), at tuluy-tuloy na pasilidad ng nursing (residence code 87).
  - ILS: Mga kakayahan sa malayang pamumuhay (residence code 13).
  - Nasa Bahay: Tahanan ng Magulang/Tagapag-alaga/Tahanan ng Ampon (residence code 11, 78, at 80).
  - SLS: Mga suportadong serbisyo sa pamumuhay (residence code 14).
  - SNF: Pasilidad ng Dalubhasang Nars (Skilled Nursing Facility) (residence code 59 at 60).

    - Pasilidad na pinapatakbo ng estado: Mga sentro ng pag-unlad at pinapatakbo ng estado na Canyon Springs (residence codes 20-24, 29-31).
    - Iba pa: Sa labas ng estado (out-of-state), hospisyo (hospice), pansamantala/walang tiragan (transient/homeless), mga kulungan (prisons), awtoridad sa kabataan (youth authority), county/kulungan sa lungsod (county/city jail), mga sentro ng paggamot at rehabilitasyon (treatment and rehabilitation centers), ospital, at iba pa (residence codes 9, 40-43, 81-86, 89, 90, at 98).
- Mga naibalik na serbisyo: Mayroong limang kategorya ng mga naibalik na serbisyo, na sinusuri sa sumusunod na pagkakasunud-sunod:
    - Panlipunang Libangan: Sports club, espesyal na Olympics, mga aktibidad sa komunidad na pinangungunahan ng kalahok, programa sa panlipuang libangan (social recreation program), at malikahing programa sa sining (creative arts program) (mga kodigo ng serbisyo (service codes) 008, 084, 459, 525, at 094).
    - Camping: Camping at nauugnay na mga serbisyo sa paglalakbay (service code 850).
    - Mga Serbisyong Pang-edukasyon (naaangkop lamang sa mga edad 3 hanggang 17 taong gulang): Paaralan para sa mga bingi-bulag, mga serbisyo ng tagapagturo, programa ng maagang interbensyon sa pampublikong paaralan, sikologong pang-edukasyon, guro, katulong ng guro, guro ng espesyal na edukasyon, tagapagturo, mga serbisyong pang-edukasyon (mga kodigo ng serbisyo 015, 025, 083, 672, 674, 676, 678, 680, at 107).
    - Mga di-medikal na terapiya: Dalubhasang terapiya sa libangan (specialized recreation therapy), terpist sa sining (art therapist), terapist sa sayaw (dance therapist), terapist sa musika (music therapist), at terapist sa libangan (recreational therapist)(service codes 106, 691-694).
    - Iba pang Panlipunang Libangan: Anumang natitirang mga tala na may subcode na nagsisimula sa 'SR', hindi kasama ang kodigo ng serbisyo (service code) 642 (tagasalin), 725 (nagbebenta ng matibay na kagamitang medikal), at 896 (suportadong mga serbisyo sa pamumuhay).
- Seguro (Insurance): Ang mga gastos na nauugnay sa seguro na binayaran ng mga RC ay ikinategorya gamit ang mga sumusunod na subcode, gaya ng nakabalangkas sa seksyong WIC 4519.6:
    - Mga co-payment: Ang subcode ay nagsisimula sa ICP (para sa lahat ng RC) o subcode 11 (para sa ACRC lamang).

    - Co-insurance: Ang subcode ay nagsisimula sa ICI (para sa lahat ng RC) o subcode 12 (para sa ACRC lamang).
    - Mga deductible: Ang subcode ay nagsisimula sa DEDI.
- IPP: Ang datos ng pagsasalin ng IPP ay hindi nadoble sa sumusunod na paraan: Kapag ang isang indibidwal ay gumawa ng maraming kahilingan sa pagsasalin, ang bawat kahilingan ay binibilang nang hiwalay. Gayunpaman, kung ang parehong kahilingan ay ginawa sa parehong threshold at hindi threshold na mga wika, tanging ang threshold na kahilingan sa wika ang pananatilihin.

## PAGSUSURI NG DATOS

- Ang mga ulat sa paggasta/awtorisadong serbisyo ay ibinubuod ng RC at inayos ayon sa:
    - Pangkat ng edad
    - Lahi
    - Wika
    - Kapansanan
    - Paninirahan, na higit pang na-subcategorize ayon sa edad, lahi, at pangunahing wika.
- Walang POS, mga gastos na nauugnay sa seguro, at mga ulat ng IPP na ibinubuod ng RC at inayos ayon sa:
    - Pangkat ng edad
    - Lahi
    - Wika
    - Kapansanan
    - Paninirahan
- Upang protektahan ang pagkapribado ng mga indibidwal, inilalapat ng mga ulat ang pagpigil sa cell upang sumunod sa Mga Alituntunin sa De-Identification ng Mga Serbisyo ng California sa Kalugusan at Tao. Inilalapat ang pagpipigil sa bilang ng mga indibidwal, kabuuang paggasta, kabuuang awtorisasyon, per capita na gastos, at per capita authorization field, upang mapanatili ang mga ginamit na halaga.
- Software na ginagamit para sa pagsusuri: SQL at Python

## KARAGDAGANG IMPORMASYON

- Dapat na mailathala ang mga ulat bago ang ika- 31 ng Disyembre ng bawat taon.
- Ginagamit ng mga ulat ang punto sa panahaon (point in time) (Enero) na paraan ng pagtukoy sa mga aktibong indibidwal upang magbigay ng hindi bababa sa 120 araw na makatanggap ng mga paghabol (claim).
- Ang mga halaga ng per capita ay mga raw na karaniwan (average) at hindi edad o kung hindi man ay isinasaayos upang isaalang-alang ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga subgroup. Kapag pinagsasama-sama ang mga karaniwan (average) sa mga subgroup, mahalagang isaalang-alang ang iba't ibang laki ng subgroup. Hindi makalkula ang mga tinimbang na karaniwan (weighted average) kapag hindi makukuha ang mga caseload.
- Mga pangunahing pagbabago sa Taunang Ulat sa POS kumpara sa nakaraang taon:
  - FY 2023/24:
    - Ang datos na naglalarawan ng caseload, demograpiko, pagsusuri, paggasta, at awtorisasyon ay kinuha mula sa mga bago at pinasadyang pagbasa (customized view) sa Departamento. Ang datos ng IPP ay sariling iniulat ng mga indibidwal na RC at isinumite sa Departamento.
    - Ang aktibong katayuan pinalawak mula sa mga katayuan 1 at 2 hanggang sa mga katayuan 1, 2, 3, at U.
    - Ang punto sa oras na buwan ng caseload ay binago mula Disyembre hanggang Enero ng FY para sa pagkakatugma sa mga pagtatantya ng badyet ng Departamento.
    - Ang mga uri ng paninirahan ay ginawang pare-pareho sa pagitan ng mga ulat ng POS at NoPOS. Ang parehong siyam na uri ng paninirahan ay ginagamit sa kabuuan ng mga ulat.
    - Ang mga bagong paksa sa pag-uulat ay idinagdag:
      - Mga naibalik na serbisyo
      - Ang pagiging maagap ng pagsasalin ng IPP
      - Ulat sa buong estado
    - Mga pagbabago sa paghahanda at pagpapalabas ng ulat:
      - Ang lahat ng paghahanda, pagsasama-sama, at pag-uulat ng datos ay isinagawa sa loob ng Departamento upang suportahan ang higit na pagkakapare-pareho, transparensiya, at dokumentasyon.

        - Magagamit ang lahat ng ulat sa format na nababasa ng makina.
        - Ang mga link sa lahat ng mga ulat ay nai-lathala sa isang sentral na lokasyon sa website ng Departamento.
    - FY 2022/23:
        - Pagkuha ng datos, kabilang ang caseload, demograpiko, pag-diagnose, paggasta, at awtorisasyon, na pinanggalingan gaya ng inilarawan sa itaas.
        - Ang wika ay pinagsama-sama sa limang kategorya upang limitahan ang dami ng pagsupil na kailangan upang matugunan ang mga alituntunin sa pag-alis ng pagkakakilanlan.
        - Ang pagsasama-sama ng datos na ginawa ng Departamento at ginawang magagamit sa mga RC.